
# Ang Pursigidong si Onaw



Kuwento ni
Alan Apple C. Cosare

Guhit ni
Bryan Ephraem E. Miguel







***Kasanayan sa Pagkatuto***

*Naipamamalas ang pagmamahal sa lahat ng nilikha ng Diyos at kaniyang mga biyaya sa pamamagitan ng:*

*pagpapakita ng kahalagahan ng pag-asa para makamit ang tagumpay*

*pagpapakita at pagpapadama ng kahalagahan ng pagbibigay ng pag-asa sa iba.*





Treasury of Storybooks

………………………………...

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Cosare, Alan Apple C. *Ang Pursigidong si Onaw*. DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Alan Apple C. Cosare
Illustrator: Bryan Ephraem E. Miguel

Learning Resource Managers: Aris B. Juanillo
Analiza C. Almazan

Davao City
Region XI

# Ang Pursigidong si Onaw

Sa isang bulubunduking lugar
ay may nakatirang bata
na nagngangalang Onaw.
Nag-iisa siyang anak
nina Aling Onay at Mang Islaw.
Sila'y nabibilang sa isang
tribu ng Mindanao.





Itong si Onaw
ay napakapursigido.
Ang nais niya'y mag-aral
at lubos na matuto.
Kahit kapos sa buhay,
siya naman ay matalino.
Pangarap niya ay umunlad
at makatulong sa tribu.



At dahil siya ay nakatira
sa isang liblib na sityo,
Paaralan niyang pinapasukan
ay napakalayo.
Kailangan niyang maglakad
ng kilo-kilometro
na isang napakalaking hamon
para sa batang pursigido.

Mabuti na lamang at siya ay may kaagapay,
ang alaga niyang kabayo
na kung tawagin niya ay Lakay.
Araw-araw niya itong kasama
sa kaniyang paglalakbay.
Sa pagpasok sa eskuwela ay dito siya sasakay.



Itong si Lakay
ay sadyang maamo.
Kaya naman si Onaw
ay mahal na mahal ito.
Kapag ito ang kasama
ay hindi siya nababato.
Para bang kay lapit lang
ng paaralang kay layo.





Isang umaga,
panahon ay hindi maganda.
Makulimlim ang kalangitan
at umaambon pa.
“Huwag ka muna sigurong
pumasok,” payo ng ina.
Ngunit nakiusap si Onaw
na hindi liliban sa eskuwela.

Agad na nag-isip ang matalinong bata
kung paano makakapag-aral
nang hindi nababasa.
Dahil walang payong, malalapad na dahon
ang kinuha. Inilagay niya sa ulo at balikat
para hindi siya mabasa.





At agad niyang sinimulan
ang kaniyang paglalakbay.
Siya ay sumakay sa alagang si Lakay.
Patungong paaralan, nilisan niya ang bahay
kaya lubos na nabahala
ang kaniyang nanay at tatay.

Sa gitna ng paglalakbay
ay lumakas ang ulan.
Nagulat si Lakay
ng kumidlat nang biglaan.
Ang kawawang si Onaw
ay nahulog at nasaktan.
Kumaripas ang alaga
at siya ay naiwan.





Sa gulat at takot, si Lakay ay napatakbo
at sa sobrang taranta ay natalisod sa bato.
Bumagsak sa lupa ang kawawang kabayo,
humiyaw nang malakas sa sakit na natamo.

Narinig ni Onaw ang alagang kabayo
at agad na ito ay kaniyang tinungo.
Hindi na ininda ang sugat niyang natamo
at bigla na lamang siyang napaluha
ng makita ito.



Sa awa ng Diyos si Lakay ay nakatayo.
Sa himas ni Onaw, kumalma ang kabayo.
At dahil si Onaw ay sadyang pursigido,
nagpatuloy sila at paaralan ay tinungo.





Sa gitna ng ulan at galit na mga ulap,
may batang naglakbay, hawak ay pangarap.
Taimtim niyang panalangin
ay magandang hinaharap;
hindi papipigil sa kulog at kidlat.



Nang ang paaralan ay narating niya,
lahat ay napamangha nang siya ay makita.
Guro at mga kamag-aral,
sa kaniya ay napatitig.
Ang kanilang mga damdamin
ay lubos na naantig.

Agad siyang sinalubong
ng nag-aalalang guro.
Tinulungan nito si Onaw
at ang kaniyang kabayo.
“Magandang umaga po!” pagbati ni Onaw.
Bagamat siya ay basang-basa at giniginaw.




"Onaw, sadyang ikaw ay nakakatuwa..."
wika ng guro sa pursigidong bata.
"Ang iyong pagpapahalaga sa pag-aaral
ay kahanga-hanga.
Sana ay tularan ka ng lahat ng mga bata."





"Sa ipinapakita mong pagpupursigi,
ako ay nakatitiyak
na malayo ang mararating mo sa hinaharap.
Sa tulong ng Diyos at sa lubos mong pagsisikap,
alam kong maabot mo ang iyong
mga pangarap."





Ang mga wika ng guro
na kaniyang napakinggan,
ay tumatak nang husto
sa kaniyang puso at isipan.
At ang maulang araw na iyon
na puno ng hamon
ay napuno rin ng aral
at karanasang ginawa
niyang inspirasyon.

Ilang taon ang lumipas
si Onaw ay nakapagtapos.
Binalikan niya ang sityong
minahal niya nang lubos.
Sadyang nagtagumpay
ang dating batang musmos.
Siya ngayon ay guro na
at buhay ay mas umayos.





Sa kaniyang tribu
siya ay naging inspirasyon.
Mga katribung kabataan
ay nagkaroon ng determinasyon
upang magkamit ng
magandang edukasyon
at sa mahirap na buhay
ay makakaahon.



## Tungkol sa May-akda



Si Alan Apple C. Cosare ay nagtapos ng Bachelor in Secondary Education (BSED) sa University of Southeastern Philippines (USEP), Bo. Obrero campus, Davao City. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Ikatlong Baitang sa Malabog Central Elementary School, Sangay ng Lungsod ng Davao.

Bukod sa pagsusulat, hilig din niya ang pagguhit ng mga maiikling kuwentong pambata. Sa katunayan, siya ay nakatanggap ng unang gantimpala bilang ilustrador sa Kindergarten category sa ginanap na pangrehiyong lebel ng National Competition on Storybook Writing 2018 ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon XI.

## Tungkol sa Tagaguhit



Si Bryan Ephraem E. Miguel ay nagtapos ng Bachelor in Secondary Education (BSED) major in English sa University of Mindanao. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Senior High School sa Cateel Vocational High School, Sangay ng Davao Oriental.

Siya rin ay isa sa mga National Pool of Illustrators, at mananaliksik ng Department of Education, at isang School Paper Adviser.

# Ang Pursigidong si Onaw

Sa gitna ng ulan
at madilim na mga ulap
ay may batang naglakbay,
bitbit niya ay pangarap.
Sakay ng alagang kabayo,
paarala'y kaniyang tinungo
pagkat ang nais niya ay mag-aral
at lubos na matuto.
Ano kaya ang kinahinatnan
ng batang pursigido?